GRADE VI

# KAHALAGAHAN NG LOKASYON NG PILIPINAS

## ALAMIN MO

Pag-aralan ang mapa.





**Ang Timog Silangang Asya**

*Ano ang napansin mo sa mapa? May sarili ba tayong lupang sinasakop na hindi maaaring angkinin ng ibang bansa? Ano-ano ang kalapit na bansa ng Pilipinas? Mahalaga ba ang lokasyon ng Pilipinas kung ang pag-uusapan ay ang latitud at karatig bansa? Bakit kaya?*

Sa modyul na ito malalaman mo ang kahalagahan ng lokasyon ng Pilipinas ayon sa latitud at karatig bansa.

## PAGBALIK-ARALAN MO

Isulat mo ang:




## PAG-ARALAN MO

Basahin mo ito:

Kung higit pang susuriin, matatagpuan ang ating bansa sa timog – silangang Asya, sa dakong itaas ng ekwador. Nasa pagitan ito ng latitud na 4° - 21° Hilagang latitud at 116° - 127° Silangang longhitud.


Mga karatig bansa natin ang Taiwan, China at Japan sa hilaga, ang Micronesia at Marianas sa silangan, Brunei at Indonesia sa timog at ang Vietnam, Laos, Cambodia at Thailand sa kanluran.

Ang mabuting lokasyon ng ating bansa ay nakatutulong upang maging sentro ito ng mga kalakalan sa rehiyon ng Asya. Nagsisilbing daanan ito ng mga kalakal na inilululan sa mga barko at eroplano mula sa iba't ibang bahagi ng rehiyon. Gayundin naman, ito ay naging tagpuan ng iba't ibang kultura ng mga nagsasariling bansa.

- *Ano ang eksaktong lokasyon ng Pilipinas sa digri latitud at digri longhitud?*
- *Ibigay ang mga bansang nakapaligid sa Pilipinas? Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.*
- *Mahalaga ba ang pagkakaroon ng hangganan ng teritoryo? Bakit?*

## PAGSANAYAN MO

Ipakita ang tiyak at relatibong lokasyon ng Pilipinas sa pamamagitan ng tree diagram.




*Ano-ano ang kahalagahan ng lokasyon ng ating bansa sa rehiyon ng Asya kung ang pag-uusapan ay ang latitud at karatig bansa?*

## TANDAAN MO

- *Malaki ang naitutulong ng lokasyon ng ating bansa para maging sentro ng kalakalan sa rehiyon ng Asya lalo na't napapalibutan ito ng mga bansang Asyano.*

## ISAPUSO MO

Bilang isang Pilipino, dapat mong ipagpasalamat ang lokasyon ng Pilipinas dahil malaki ang naitutulong nito sa ekonomiya ng ating bansa.  Bukod sa pagmamalaki dapat mo ring malaman na ang lupang sakop ng Pilipinas ay hindi maaaring angkinin ng ibang bansa.




## GAWIN MO

Isulat ang **S** kung sang-ayon ka sa ipinapahayag ng pangungusap at **DS** kung di-sang-ayon. Isulat sa iyong kwaderno ang iyong sagot.

________1. Ipagpasalamat natin ang pagkakaroon ng magandang lokasyon.

________2. Mabuti ang lokasyon ng Pilipinas kaya't sentro ito ng kalakalan at kultura sa Asya.

________3. Tungkulin ng mamamayan na alamin ang eksaktong lokasyon ng Pilipinas.

________4. Ang Turtle Islands at Mangsee Islands ay pinamamahalaan ng Pilipinas dahil malapit ito sa bansa.

________5. Palawakin ang kaalaman tungkol sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagbabasa ng aklat at magasin.



## PAGTATAYA

Ibigay ang hinihinging sagot.  Isulat ang mga ito sa iyong sagutang papel:

1. Ano-ano ang bansang nakapaligid sa:
   Hilaga –
   Timog –
   Silangan –
   Kanluran –

2. Ibigay ang eksaktong lokasyon ng Pilipinas sa digri latitud at digri longhitud.
   ________________ at ________________


3. Magtala ng tatlong dahilan kung bakit mahalaga ang lokasyon ng Pilipinas ayon sa latitud at karatig bansa.
   A.
   B.
   C.

## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Ano ang dapat mong gawin sa mga sitwasyong ito:

1. Ibig mong matutuhang mabuti ang hangganan at teritoryo ng Pilipinas at ang kahalagahan nito.
   ________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________.

2. Nagkaroon ng pagtatalo ukol sa mga karatig bansa ng Pilipinas.  Sinasabi ng ilang kamag-aral mo na nasa hilagang bahagi ang Guam.
   ________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ___________________________________.



Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.